# Mga Tala Mula sa mga Editor

Hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring masasabing komprehensibo at masinop na pag-aaral hinggil sa ugnayan ng mga sining at kultura ng Mindanaw at Sulu. Bagama't mayroon nang mga kalat-kalat na pagtatangka sa iba't ibang anyo, hindi ito nakabubuo ng malinaw at maayos na mga balangkas at pagsusuri sa kasaysayan at tunguhin ng Isla-Rehiyon. Samantalang hinaharaya bilang ikatlo sa pinakamalaking isla sa Pilipinas, ang Mindanaw lakip ang kapuluan ng Sulu na binubuo ng mga Isla-Probinsya ng Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi, ay sinasabing pook na lunduyan kung saan nagtatagpo ang estetika at kahulugan ng mga sining at kultura na nagmula sa iba't ibang uri ng mamamayan mula sa iba't ibang panig ng bansa. Sa pag-uuri ng mga naunang historyador at iskolar, mahahati raw sa tatlong uri ang mga taong nananahan sa Mindanaw at Sulu:[1] ang mga Lumad;[2] ang mga Moro;[3] at ang mga Dayo/Dagsa.[4] Ngunit mahihiwatigan ang limitasyon ng pag-uuring ito lalo na sa usapin ng sumunod na henerasyon ng mga dayo na ipinanganak sa Isla-Rehiyon, halimbawa'y ang matutukoy na taksonomiya hinggil sa *ugat-dayo* at *dugong-dayo*.

---

1 Ayon sa mga naunang tala ng mga historyador, sakop ng Mindanaw at Sulu ang kapuluan ng Palawan na nasa Kanlurang bahagi ng Pilipinas kung kaya't tinawag ito noon bilang nagkakaisang kapuluan ng MinSuPala (Mindanaw, Sulu, at Palawan). Sa kasalukuyan, tuluyan nang humiwalay ang Palawan upang maging kabahagi ng mga islang bumubuo sa Luzon habang magkaugnay pa rin ang tambalang Mindanaw at Sulu. Tuwinang kalakip ng "Mindanaw" ang "Sulu" upang higit itong maging inklusibo sa lahat ng pangkat etniko.

2 Ang Lumad ay salita sa Sugbuanong Binisaya na ang ibig sabihin ay "katutubo" o "nitibu." May mga nagpapalagay na mayroong marahas na pagtatangi sa pag-uuring ito – na pinangunahan ng mga Cebuano – na maaaring magpakahulugan sa pagkakaiba ng Bisaya sa Lumad o ang "Ako"/*Self* at "Iba"/*Other*. Ngunit binabanggit sa ilang tala na noong dekada 70, nagkaroon ng pagpupulong ang lahat ng puno at lider ng iba't ibang pangkat etniko sa Mindanaw at Sulu at doo'y pumili sila ng kolektibong katawagan na kanilang gagamitin para sa kanilang mga sarili – ang Lumad.

3 Moro ang katawagang ibininyag sa mga Muslim sa Pilipinas mula pa noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Halaw sa katawagang "Moors" ng Espanya sa mga naninirahan sa Mauritania kung saan dominante ang mga Muslim sa panahong iyon. Ang mga grupong Moro na pangunahing nananahan sa Mindanaw at Sulu ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Maguindanaw, Meranaw, Tausug, Sangil, Kalibugan, Kalagan, Iranun, Yakan, Sama Dilaya, at Sama Dilaut. Ang Sama Banguingui ay naninirahan sa isla ng Banguingui na saklaw ng probinsya ng Tawi-Tawi.

4 Ang mga Dayo o Dagsa na tinatawag ding "Settlers" ay ang grupo ng mga mamamayan na lumipat sa Mindanaw at Sulu bunga na rin ng programang homestead ng gobyerno ng Pilipinas. Maaaring tingnan ang mga pag-aaral nina BR Rodil (*The Minoritization of the Indigenous Communities of Mindanao and the Sulu Archipelago,* 2004), Macario Tiu (*Davao: Reconstructing History from Text and Memory*, 2005), at Lualhati Milan Abreu (*Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*, 2011) upang higit na maunawaan ang estruktura at sistema hinggil sa karanasan at salaysay na ito sa Mindanaw at Sulu.

Mula sa mga inilatag na diskurso, mahihunuha ang ilang sanhi ng mga guwang at siwang sa kadahupan ng mga pag-aaral at pagsusuri ng sining at kultura ng Mindanaw at Sulu: una, ang pagiging malayo ng Isla-Rehiyon sa pambansang sentro kung saan naroon ang iba't ibang moda at pamamaraan sa paggawa ng pananaliksik tulad ng pondo; pangalawa, ang kawalan ng komparatibong pagsusuri sa mga pangkat etniko bunga ng magkakahiwalay na kapuluang bumubuo sa Mindanaw at Sulu at pagkakaroon ng mga ito ng nagkakaiba-ibang wika na kinakailangang matutunan ng mananaliksik; at pangatlo, laganap ang paniniwala na ang iba't ibang grupo ng tao sa Mindanaw at Sulu ay tuwinang pinangungunahan ng pagkiling sa karahasan. Tunghayan, halimbawa, ang realidad na ang pinakakinatatakutang mga pangkat etniko ay iyong mga Moro na pangunahing namamalagi sa mga probinsya ng Maguindanao at Lanao del Sur sa isla ng Mindanaw at sa mga probinsya sa kapuluan ng Sulu. Malaki ang bilang ng mga Pilipinong hindi Islamisado, maging ang mga naninirahan sa Mindanaw at Sulu, ang naniniwalang "walang mabuting Moro kundi yaon lamang patay na Moro."

Maaaring ipagpalagay na ang marahas na pagturing at hindi matuwid na pagpapalagay hinggil sa Mindanaw at Sulu at mga nananahan dito ay bunsod ng mahabang panahon ng pagpapalaganap ng kultural at panlipunan na lason ng kolonyal na mga puwersang Espanyol at Amerikano laban sa mga "katutubong"[5] pangkat etniko sa Isla-Rehiyon. Kung tutuusin, mga likhang sining ang mga naging pangunahing instrumento ng mga puwersang kolonyal sa pagpapalaganap ng mga lason. Nariyan ang *moro-moro* na nagtatampok sa panahong Espanyol at pagkatalo't pagkabitag ng mga "salvajes" o ang mga "katutubong" pangkat etniko sa Mindanaw at Sulu sa kamay ng mga "makadiyos" na puwersang kolonyal. Sa panahon ng kolonyalismong Amerikano, naging tanyag naman ang awit-pag-ibig na "Don't You Go to Far Zamboanga" na may lirikong "Don't you go, oh, don't you go to far Zamboanga."

Batay sa mga kontekstong ito, hinog na hinog at masidhi ang pangangailangan sa mga malawak at kritikal na pag-aaral at pagdulog na tumutugon sa kahingian ng panahon at espasyo sa Mindanaw at Sulu. Bagama't mayroon nang panimulang pag-aaral ang Cultural Center of the Philippines (CCP) tulad ng dalawang edisyon ng *Encyclopedia of Philippine Art*, noong 1994 at 2018, na may iba't ibang bolyum na nakalaan para sa hinaharaya nitong pitong sining (arkitektura, awit, panitikan, pelikula, radyo at telebisyon, sining biswal, at teatro), kinakailangan pa ring palawakin at sinupin ang pag-aaral at pananaliksik hinggil sa sining at kultura ng Mindanaw at Sulu batay sa kontekstong kinapapalooban nito. Kung tutuusin, ang nagsasala-salabit at nagsasalikop na ugnayan ng mga sining ay maaaring higit na bigyang-diin. Tunghayan, halimbawa, ang pagtataya ni Edilberto N. Alegre na kung tutunguhin ang bawat komunidad at pamayanan sa kapuluan, ang awit, panitikan, sayaw, at teatro ay maaaring tupdin bilang iisang anyo ng sining. Ang pagharaya rito ng iba't ibang pangkat etniko ay hindi sining kundi buhay na kulturang bahagi ng kanilang pamumuhay.[6]

Mahalagang pagtuunan din ng pansin ang ilang pagtatangka hinggil sa pananaliksik tungkol sa Mindanaw at Sulu nitong mga huling dekada ng nakaraang milenyo. Nanguna rito ang mga espesyal na programa sa ilang institusyon at unibersidad sa Mindanaw at Sulu na nagsagawa ng mga pag-aaral at naglabas ng mga babasahin hinggil sa masalimuot na mga usapin sa Isla-Rehiyon, tulad ng Dansalan Research Center (DRC) sa siyudad ng Marawi. Sinundan ito ng ilang non-government organizations, tulad ng Alternate Forum for Research in Mindanao (AFRIM) na naglabas din ng mga journal at iba pang lathalain hinggil sa iba't ibang usaping panlipunan. Hindi rin maaaring isawalang bahala ang

---

5 Ipinaloob namin sa panipi ang terminong "katutubo" upang idiin ang diyalektikong pagpapakahulugan dito. Sa isang banda, ang katawagan ay hindi lamang tumutukoy sa naroon sa nakalipas kundi maging sa narito sa kasalukuyan. Sa kabilang banda naman, simplistiko ring maituturing ang katawagan lalo na sa diskurso, halimbawa, hinggil sa binabanggit ni Homi Bhabha na "hybridity" o talaban ng mga kultura na kaiba sa homologo o iisang pagkakakilanlan.

6 Pinasasalamatan ng mga editor si Lakan Uhay Alegre, anak ni Edilberto N. Alegre, na siyang nakapalitan namin ng impormasyon tungkol sa nilalaman ng sanaysay ng kanyang ama na may pamagat na "To The Very End of Our Islands."

mga kilusang rebolusyonaryo na mayroon ding mga programa hinggil sa pagbibigay ng mariing tuon sa iba't ibang pampolitika, panlipunan, at pangkulturang usapin sa Mindanaw at Sulu.

Sa kasalukuyan, may ilang bahagi at opisina sa mga akademya sa kabuuan ng Isla-Rehiyon ang nakatuon sa pag-aaral at pananaliksik tungkol sa mga diskurso sa Mindanaw at Sulu. Sa Hilagang bahagi ng Mindanaw, nariyan ang Kinaadman ng Xavier University na siyang naglalathala ng *Kinaadman Journal* habang mayroon namang Minsupala Studies Center ang Mindanao State University-Iligan Institute of Technology at mayroong Mamitua Research Training Center ang MSU-Marawi. Sa Katimugang Mindanaw, kasalukuyang inilalakip sa kurikulum ng lahat ng mag-aaral ng University of the Philippines Mindanao ang kursong Mindanao Studies 1 (Hitchiker's Guide to Mindanao) at ang *elective* na Anthropology 125 (Peoples and Cultures of Mindanao). Sa Ateneo de Davao University, nariyan ang University Publications Office na siyang naglalathala ng *Tambara Journal*. Matatagpuan naman sa Katimugang Cotabato ng Mindanao ang Center for Peace and Environment ang Notre Dame of Marbel University. Sa kapuluan ng Sulu, aktibo rin sa kanilang mga programa ang Sama Studies Center ng Mindanao State University-Tawi-Tawi College of Technology and Oceanography.

Ngunit kung susumahin, higit na nakatuon ang mga institusyon na ito sa agham panlipunan na aspekto ng Mindanaw at Sulu kung kaya't mayroon pa ring pangangailangan sa mga institusyon na higit na kumikiling sa estetika at kahulugan ng sining bilang mahalagang bahagi sa pag-aaral ng Isla-Rehiyon. Kung sasaliksikin, halimbawa, kinailangan pa ng isang Elena Maquiso – mula sa Silliman University ng Negros Occidental – upang maitala ang *Ulahingan* ng mga Livunganen Arumanen Manobo na naglalayong ihatid sa mambabasa ang katangian ng *ulahingan* (epiko) bilang bahagi ng tradisyong pabigkas sa panitikan kalakip ang mga nakapaloob ditong estetika, kahulugan, at talinghaga.[7] Kung tutuusin din, bagama't nariyan ang kalat-kalat na pag-aaral ng mga iskolar at mananaliksik, mula sa loob at labas ng Mindanaw at Sulu, kinakailangan pa itong paghambing-hambingin at buuin upang maging tiyak at malinaw sa pambansang hinagap at gunita ng Isla-Rehiyon.

Kung gayon, ang isyung ito ng *Philippine Humanities Review* ay naglalayon na makapag-ambag sa pagbuo ng komprehensibo at masinop na talastasan ng mga sining at kultura, at maging ang kaugnayan nito sa pag-unawa sa kalagayan ng mga mamamayan ng Mindanaw at Sulu. Sa tatlong kritikal na sanaysay at pitong malikhaing akda (tula, kuwento, sanaysay, at komiks) na bumubuo sa espesyal na isyu, muling mapatutunayan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga mananaliksik at manlilikha ng sining sa walang humpay na pag-aambag sa produksyon ng kaalaman at sa paglalatag ng mga rekisito sa pagkakamit ng makabuluhang pagbabagong panlipunan.

Sa sanaysay ni Julian de la Cerna na "What Is an Editor?: Ricardo de Ungria as Producer of Knowledge" sinisipat bilang teksto ang manunulat at editor na si Ricardo de Ungria at ang ambag nito sa produksyon ng kaalaman sa panitikang rehiyunal at panitikang pambansa. Sa isang banda, maaaring mahulog sa bitag at paratang ng pagiging *counter-productive* ang sanaysay lalo na't binabasag nito ang ilang akda na maimamapa sa hinuhubog na lawas ng panitikang Mindanaw at Sulu; ngunit sa kabilang banda naman, mahalaga ang mga ganitong pagtataya lalo na't hinahamon nito ang rehiyunal na gahum at kinikilala ang pag-iral ng rehiyon, hindi na lamang bilang katibayan ng *bansa*, kundi bilang kabahagi sa nagbabago-bagong imahinasyon ng *bansa*. Sa sanaysay naman na "Mindanao, Women, and a New Ramayana: Transcreating the Epic in MSU-IIT IPAG's *Sita: The Rayamana Revisited*" ni Amado Guinto, Jr., hinahabi ang kaugnayan ng dula na hango sa epikong Sanskrit na Ramayana sa mga masalimuot na usapin sa Mindanaw tulad ng sa kasarian, identidad, at terorismo. Nakapupukaw ang ginawang pag-uugnay ng sanaysay sa teksto at konteksto ng dula na nauukol sa usapin ng Marawi

7 Nagpapasalamat ang mga editor kay Prop. Kenette Jean Millondaga ng University of the Philippines Mindanao sa pagbibigay mungkahi hinggil sa papel ni Elena Maquiso sa imahinasyon ng sining at kultura sa Araling Mindanaw at Sulu.

Siege at grupong Maute.[8] Isang panimulang pag-aaral naman ang "The Dance Description of the Ata Manobo Dances in Talaingod, Davao del Norte" ni Jezreel M. Abarca hinggil sa iba't ibang anyo ng sayaw ng mga Ata Manobo / Talaingod Manobo. Bagama't kinapos sa kritikal na pagsusuri, mahalagang malimbag ang sanaysay na maaaring maging lunsaran ng mga susunod na pag-aaral hinggil sa indak at galaw ng buhay ng pangkat etnikong Ata Manobo / Talaingod Manobo at ang kalakip nilang danas tulad ng militarisasyon sa kanilang *yutang kabilin* (ancestral land).

Para sa mga malikhaing akda, nakabuo kami ng dalawang maikling koleksyon ng mga tula, dalawang maikling kuwento, dalawang sanaysay, at isang komiks mula sa halos apatnapung akda na aming natanggap. Naglulunoy sa batis pandama ng giyera sa Mindanaw at Sulu ang mga tula ni Regine Cabato sa "Three Poems from *Notes from the Field*." Tinatampok sa maikling kalipunan ng tula ang mga paksa ng Marawi siege, *rido*, at pambobomba. Sa "Hibik ng Mindanaw" naman ni Don Pagusara, mauulinigan ang marubdob na hibik ng Isla-Rehiyon at maging ang mapagpalayang tunog ng kamaong itinataas para sa panlipunan at pangkulturang pagbabago. Sa maikling kuwentong "Dansoli" naman ni Stefani J Alvarez, taimtim at banayad na isinasalaysay ang alaala ng pamumukadkad ng panlipunan at pampolitikang imahinasyon ng isang karakter sa siyudad ng Cagayan de Oro – tulad ng bulaklak na *dansoli*. Tila oral na kasaysayang inilipat patungong akdang nakalimbag naman ang moda ng kuwento ni Errol Merquita sa "Ang Balon ng Los Amigos." Sumasalok sa batis ng kaalamang-bayan ang kuwento na bumubuo ng isang alternatibong kasaysayan ng Los Amigos sa siyudad ng Davao.

Kaugnay naman ng kuwentong "Ang Balon ng Los Amigos" ang sanaysay ni Eric Menk Morales na "Pag-alis, Pagbalik, Paglaho: Oral na Kasaysayan at Tala ng mga Bagobo sa Wines, Davao City Hinggil sa mga Sugat ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig." Inilalahad sa sanaysay ang animo'y sugat na idinulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa buhay at haraya ng mga naunang Bagobo sa isang pook na nagngangalang Wines sa siyudad ng Davao na tutuloy sa susunod nitong henerasyon na tila naiipit sa nag-uumpugang bato ng pagkilala at pag-apuhap sa kanilang identidad at pagkatao mula sa naroon at narito. Isinasalaysay naman ni Lovely Jane Pangandaman sa "A Burial Place" ang tila isang sanaysay hinggil sa paglalakbay mula Katimugang Mindanaw patungong Hilagang Mindanaw na sa huli'y pumalaot sa pagiging salaysay hinggil sa kamatayan, tradisyong Meranaw, at panlipunang krisis. Bilang pangwakas na akda, malugod din naming ipinapaloob sa espesyal na isyung ito ang "Romaragit" – isang maikling komiks na nagtatampok sa hindi matapos-tapos na tunggalian sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at iba't ibang grupong Moro sa Mindanaw at Sulu. Sa pamamagitan ng iba't ibang disenyo ng *okir*, inilarawan ang bangungot at realidad na hatid ng Marawi siege noong 2017 sa punto de bista ng inosente at maliit na bata.

Taos sa puso ang aming pasasalamat sa mga akademiko, iskolar, at manunulat na nagsilbing referee at reviewer na nagmula sa iba't ibang unibersidad at institusyon: Ateneo de Davao University,

---

8 Bagama't hindi binabanggit sa mismong sanaysay ni Amado Guinto, Jr., mahalagang bigyan ng diin ang ilang tala ng mga residente ng Marawi na ilang araw bago nangyari ang siege, isang dating may mataas na ranggong opisyal ng militar na naging miyembro ng gabinete ng administrasyon noong 2017 ang humingi ng pahintulot kung maaaring isagawa ang apat na araw na operasyon ng militar sa lugar. Sinasabing nakipag-usap din ang miyembro ng gabinete na ito sa ilang lokal na lider pampolitika at pangrehiliyon, kabilang ang isang dating komander ng Moro National Liberation Front (MNLF) na dati ring nahalal sa puwesto bilang opisyal ng Marawi at may kapatid na pinagsusupetsahang drug lord.

Bukod dito, mahalaga ring pagtuunan ng pansin ang sinasabing kaugnayan ng grupong Maute sa Abu Sayaff Group (ASG) lider na si Isnilon Hapilon. Matatandaan sa mga balita ang sinasabing koneksyon ng ASG kay Osama Bin Laden ng Al Qaeda. Kung sasaliksikin, si Bin Laden ay pinaniniwalaang dating kaanib ng anti-Taliban na alyansa, na pinangungunahan daw ng Estados Unidos ngunit nang maglaon ay naging kaaway na rin ng makapangyarihang bansa. Sa pag-aaral ng Araling Mindanaw at Sulu, sinasabi rin na kaugnay ng ASG ang Central Intelligence Agency ng Estados Unidos. Ngunit tulad ng sinapit ni Bin Laden sa kamay ng Estados Unidos, ganito rin ang kinahinatnan ni Isnilon sa pangyayaring siege sa Marawi.

De La Salle University – Manila, Mindanao State University – Iligan Institute of Technology, University of the Philippines Cebu, University of the Philippines Diliman, at University of the Philippines Mindanao. Masasabing hindi kumpleto ang espesyal na isyu na ito bunsod na rin sa kakulangan sa representasyon ng iba't ibang rehiyon, pangkat etniko, kilusang panlipunan, at iba pa. Ngunit, marahil, sa mga susunod na pagkakataon at posibilidad, maaaring masundan ang mga ganitong pagtatangka na inaasahang makapagkakaloob ng kuwadro at batayang balangkas kung papaano babasahin ang sining at kultura ng Mindanaw at Sulu. Sa isyung ito ng Philippine Humanities Review, layon naming maging kalahok sa agos ng tubig ng kaalaman na dumadaloy sa mga ilog, lawa, at dagat sa kabuuan ng Mindanaw at Sulu.

*Lualhati Milan Abreu* at *Jay Jomar F. Quintos*